


COVID-19 Vaccine



Website ng lungsod ng Gifu
Top page ng COVID-19 vaccine



Paalala Ukol sa Ikatlong Dagdag na Bakuna

Mga Gagawin Para Makapagpabakuna

1 Matatanggap ang form ng medikal na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus

Kinakailangang lumagpas ng higit walong buwan mula sa araw matapos ang ikalawang bakuna kung magpapabakuna para sa ikatlong bakuna ng COVID-19

※Suriin ang petsa ng ikalawang bakuna sa hawak mong Sertipikasyon ng Bakuna at maghintay ng walong buwan para makapagpabakuna.

※Maaari kang magpabakuna makakalipas ang walong buwan sa parehong araw matapos ang ikalawa mong bakuna.

※May mga pagkakataon din na maaari nang makatanggap ng dagdag na bakuna makalipas ang anim buwan matapos ang ikalawang bakuna depende sa infection status sa inyong lugar.

Sa mga ganitong pagkakataon, ipapaalam naming sa website ng lungsod ng Gifu at mga public relations magazine, atbp.

2 Paghahanap ng paggamutan o vaccination site

Maaaring suriin at hanapin ang mga paggamutan at vaccination site sa Koho (public relations magazine) at website ng lungsod ng Gifu, Corona Vaccine Navi(<https://v-sys.mhlw.go.jp>) ng gobyerno. Ang mga health care worker naman ay maaaring magpabakuna sa kanilang pinapasukang paggamutan. Suriin at alamin sa inyong pinagtatrabahuan.

Listahan ng mga vaccination site sa Ingsod ng Gifu

Vaccination site sa lungsod ng Gifu Search



※Kapag hindi makahanap o mahanap ang mga paggamutan at vaccination site, tumawag sa vaccination call center ng lungsod ng Gifu na nakasulat sa ibaba.

※Ayon sa patakaran, maaari lamang makapagpabakuna sa lungsod kung saan nakarehistro ang iyong tahanan maliban na lamang kung ikaw ay naka-admit sa ospital o mga pasilidad.

※Hindi maaaring kumuha ng appointment direkta sa corona vaccine navi.

3 Kumuha ng appointment at magpabakuna

Bayad sa bakuna Libre
(Galing sa pampublikong pundo)

Magtanong sa lungsod at paggamutang tumatanggap ng appointment.

Malapit na itinalagang paggamutan

Direktang appointment sa paggamutan

(telepono,internet,atbp)

Venue ng malawakang bakuna sa lungsod ng Gifu

Internet: Web appointment dito →



Call center: 058-252-0580

(8:45 AM~5:30PM, Kasama na ang Sabado•Linggo•Piyesta Opisyal)



Kompletong laman ng sobre



My number card, atbp

Mga dadalhin

- ①Form ng medikal na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus
- ②Sertipikasyon ng Bakuna ((Ang① at ②ay magkadugtong ng butas na linya))
- ③Patunay ng pagkakakilanlan (my number card,driver's license card, residence card, atbp)
- ④Booklet ng Gamot (Sa mga mayroon lamang)

※Nakalakip sa sobre ang 「①Form ng medikal na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus」 at 「②Sertipikasyon ng Bakuna」. Ingatang huwag mawala ang mga ito.

(Huwag ihiwalay ang ①Form ng medical na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus at ②Sertipikasyon ng Bakuna at dalhin ang mga ito sa vaccination site.)

※Bago ang pagpapabakuna suriin ang temperatura ng iyong katawan sa inyong bahay, atbp. Kung may lagnat at masama ang iyong pakiramdam, huwag nang tumuloy at tawagan ang paggamutan o vaccination site na nakatakdang puntahan.

※Sa pagpapabakuna, magsuot ng **damit na agad mailalabas ang balikat.**